# Pinal na Pagsusulit

*Michael Francis C. Andrada*
*mcandrada@up.edu.ph*

Pangalan at Lagda: ____________________ Student No.: __________

**FINAL EXAM**
Ikalawang Semestre Akademikong Taon 2023-2024| Prop. Remontado Bagumbayan

**PANUTO:**

1. I-print ang final exam na ito. Take home ito. Hindi F2F.
2. Sulat-kamay ang pagsagot sa final exam. Bolpen ang gamitin. Huwag lapis. Iwasang magbura. Andami-dami nang binubura sa kasaysayan! Magbura lang kung may iwawasto.
3. Ilagay ang pangalan, lagda at student number sa bawat pahina.
4. Walang ibang makasasagot ng final exam na ito kundi ikaw. Hindi ito kayang sagutin ng ChatGPT o iba pang AI bots. Huwag mandaya. Huwag nang dumagdag sa listahan ng mga mandaraya!

5. Bukod sa kritikal na pag-iisip at pag-unawa, maging tapat, malikhain at mapanuri sa iyong mga sagot. Maaari ring i-enjoy ang pagsagot sa final exam.
6. Picture-an ang sinagutang final exam. I-email sa titserbagumbayan@gmail.com hanggang Setyembre 21, 2024.
7. Maraming salamat sa buong semestre! Hangad ko ang lahat ng mabuti at makabuluhan para sa inyong lahat. Tapat na hangad ko rin na sana ay paglingkuran ninyo ang sambayanan. Padayon at pagpapala sa tanan! ☺

**PUNAN ANG HINIHILING NG BAWAT NUMERO:**

1) May bali-balitang pinag-iisipan ng mga dakilang pinuno ng Bagong Pilipinas na magbuo ng komisyon upang pumili ng ihahaliling pambansang bayani kay Jose Rizal. Kung ikaw ay magiging miyembro ng komisyon na ito, sino ang pipiliin mong maging bagong pambansang bayani? Bilugan ang titik ng iyong pinili at isulat ang dahilan.

A. Kahit sinong Marcos dahil ____________________________.
B. Kahit sinong Duterte dahil ____________________________.
C. Kahit sinong Aquino dahil ____________________________.
D. Kahit ____________ dahil ____________________________.
E. Wala sa itaas. Baka nasa ibaba, dahil ___________________.

2) Binomba ng tubig ang inyong kilos-protesta sa Chinese Embassy laban sa pananakop ng imperyalistang gobyerno ng Tsina sa West Philippine Sea. Mabaho ang tubig. Nang suriin ng mga mag-aaral ng kimika ang sample ng tubig, natagpuang may halo itong tae at ihi. May natagpuan ring mga dayuhang partikulo: "Fei shang, gao shing, chi, shishyang, Chonghu, Guaja, Jushi, Xijingpin." Nahirapan kayong mga raliyista na tanggalin ang kapit ng sangsang at panghi sa inyong mga damit. Habang naliligo at tinatanggal mo ang saklap ng pambobombang poso negro, ito ang tumatakbo sa isip mo:

A. Nonchalant. Ipagpapasa-Diyos ko na lang kasi __________.
B. OA! Lintik lang ang walang ganti kaya _________________.
C. Pag nakasalubong ko si _____________, kakamayan ko siya. Pero duduraan ko muna yung palad ko.
D. Gagawa ako ng tula at ipo-post ko sa Facebook. Ang title ng tula ay ___________________.
E. Made in China ang tubig na pinambomba because _______.

3) Sa isang parallel universe, magtatagpo sina Jose Rizal at Karl Marx sa Starbucks malapit sa Malakanyang. Galing sa Calamba, Laguna si Jose Rizal habang magmumula naman sa UP Diliman Main Library si Karl Marx. Dadalo sila sa isang press conference upang ipahayag ang kanilang saloobin at paninindigan laban sa genocide na isinasagawa ng Israel sa Palestine. Anong mali sa sitwasyong ito?

A. Starbucks dahil _____________________________________.
B. Malakanyang dahil __________________________________.
C. Press conference dahil _______________________________.
D. Genocide dahil _____________________________________.
E. Lahat ng pagpipilian ay mali dahil _____________________.
F. Walang mali dahil ___________________________________.
G. Walang mali sa paglaban. May mali kaya may lumalaban.

4) Sagutin ang mga sumusunod na bugtong:

A. Nakataob pa rin ang kaldero
sa benteng ipinangako.

B. Mangingisdang gutom,
binomba rito't roon.

C. Higit dalawang milyong piso ang halaga
Para sa lansangan ay makapagmaniobra.

D. Sa bayan ng Bamban, sa likod ng munisipyo,
may tumubong pugad ng mga dayuhang pugo.

E. Sa farm lumaki, maraming kinalimutan.
Inalis sa luklukan, naka-go sa ibang bayan.

F. Sa bayan ng Porac, sa resort na ekslusibo,
Malalim ang sikreto ng mga dayuhang pugo.

G. Dumating na ang paghuhukom sa sugo.
Sa 30-hektaryang paraiso, siya'y nagtago.

H. Sa kongreso, may isang loro,
Na kaibigan raw ng isang kuwago,
Nanghingi ng 10 milyong piso
Para sa kaniyang isang kuwento.
Sa gitna ng bagyo, lumisan ang loro.
125 milyong piso ang kaniyang sikreto.

I. Sa aming bayan, may bago raw himno,
Pagkakaisa raw ay susi para umasenso.
Matapos ang ilang taon, may nagbitiw sa puwesto.
Dating magkakampi, ngayo'y nagpapatutsadang hunyango.

J. Napakaaga nilang manligaw,
Araw-araw, milyon-milyon ang nilulustay.

K. Sa problema ng bayan,
Ito talaga ang kailangan.

5) Itatakas ng magkapatid na Blengblong at Haymeeeeee ang ill-gotten wealth ng kanilang pamilya na humigit-kumulang na 30 bilyong dolyar. Kailangan nilang tumawid mula sa Malakanyang patungo sa kabilang pampang ng Ilog Pasig. Iisa lamang ang bangka at ang kaya lamang dalhing bigat ng bangka ay 1,899 kilo. Tig-197.2 kilo ang bigat ni Blengblong at ni Haymeeeeee dahil bukod sa sariling kasalanan, bitbit rin nila ang kasalanan sa bayan

ng kanilang ama, ina, at ng kanilang buong pamilya. Mababawasan ang bigat na ito kung mayroon silang konsensiya. Ang nakaw na yaman ay may bigat na 1,081 kilo pero bumibigat ito depende sa intensidad ng pagkaganid at pagkagahaman ng nagnakaw nito, at depende sa bilang ng mga biktima ng salvage, tortyur, pagdukot, at iba pang porma ng karahasan. May kapangyarihan ang magkapatid na magsinungaling, magbura ng kasaysayan, manlinlang, at mandahas. Kalkulahin kung paano makatatawid sa kabilang pampang sina Blengblong at Haymeeeeee? Patatawirin mo ba sila? Patatawarin mo ba sila?

6) Paano ka nagiging limitadong Filipino? Isulat sa loob ng kahon ang lahat ng limitasyon mo bilang Filipino.

7) Labing-tatlong piso ang batayang pamasahe sa jeep. Samantala, 1.6 milyong piso ang tinatayang minimum na halaga ng modernized jeepney. Tinatayang kailangang kumita ng 6,000 piso hanggang 7,000 piso kada araw ang isang jeepney driver upang makabili ng modernized jeepney. Hindi pa kasama ang mga gastusin sa rekisito at prangkisa, gastos sa gasolina, pagkain, tubig, kuryente, upa

sa bahay, mga (buwis)IT, cellphone load, tuition at baon ng mga anak na umaabot sa kung ilang libong piso. Ilang pasahero at biyahe ang kailangan para kumita ng 6,000 piso hanggang 7,000 piso kada araw? Kalkulahin kung magkano ang katinuan.

8) “Nakalimutan ko na po, your honor!” sagot ng suspendidong alkalde ng Bamban, Tarlac na si Guo Hua Ping (na pinaghihinalaang espiya mula sa Tsina at kasangkot sa sindikato ng POGO) nang tanungin siya ng mga detalye ng kaniyang kapanganakan, kabataan, ibinentang property, at sandamakmak na iba pa ngayong 2024. “May mga pagkakasala ang ama ko, pero to admit to atrocities, hindi ko alam, bata pa ako nun,” sagot naman ng anak ng diktador na si Senador Imee Marcos sa isang interbyu sa kaniya ni Karen Davila noong 2016. Nitong Mayo lamang, sinabi naman ng isa pang anak ng diktador na si Pangulong Bongbong Marcos tungkol kay Guo Hua Ping na “I know all the politicians in Tarlac, and no one knows her. We’re wondering where she came from. How did this happen? We don’t know.” Paano nga ba nangyari ang lahat ng ito, ano?

9) Ayon sa Ibon Foundation, may humigit-kumulang 15 bilyong dolyar ang itinagong nakaw na yaman ng mga Marcos nang mapatalsik ang diktador noong 1986. Noong 2021, nasa 1.87 trilyong piso ang pinagsamang yaman ng mga Marcos. Hindi pa kasama rito ang itinagong nakaw na yaman at ang inflation simula 1986. Bakit hindi pa rin isinasauli ng mga Marcos ang ninakaw nilang yaman mula sa kaban ng bayan? Akala ba nila ay madadala nila ang yamang ito sa impiyerno?

10) Bawal raw makalimot. Bakit?

DILIMAN REVIEW
Volume 69 Number 2 (2025)

**TAPOS NA ANG FINAL EXAM.**
**PERO HINDI PA TAPOS ANG LABAN.**

*Si **Michael Francis "Mykel" C. Andrada** ay propesor ng panitikan, malikhaing pagsulat at Philippine Studies sa UP Diliman Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas. May-akda siya ng dalawang koleksyon ng mga maikling kuwento, ang Apartment sa Dapitan at ang Sa Dulo ng mga Dalita. Nagsilbi siya bilang Direktor ng UP Diliman Sentro ng Wikang Filipino (2019-2022). Isa rin siyang mamamahayag, tagasalin at manggagawang pangkultura. Miyembro siya ng All UP Academic Employees Union at ng Surian ng Sining, Inc. (SUSI). Editor siya ng Tapuzine, ang opisyal na pahayagan ng SUSI.*